

Pagbabago sa AHS upang mapabuti ang pangangalaga sa pasyente

Nobyembre 17, 2022 [Mga katangunan sa Media](#)

Gumaganap ang mga agarang aksyon na hahantong sa mas mabilis na mga oras ng EMS, pagbabawas ng mga oras ng paghihintay sa kuwarto pang-emerhensiya at pagbabawas ng oras ng paghihintay sa operasyon para sa mga Albertan.

Ang Alberta ang may pinakamahusay na front-line na mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan sa mundo at ang pamahalaan ng Alberta ay magsisikap na magkaroon ng mga tamang suporta para matiyak na makukuha ng mga Albertan ang pangangalagang kailangan nila kung kailan at saan nila ito kailangan. Sa ngayon, hindi natutugunan ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng lalawigan ang lumalaking pangangailangan at kumikilos ang pamahalaan upang matugunan iyon.

"Masyadong matagal na naghihintay ang mga pasyente sa ating sistema ng kalusugan, sa kabila ng mahusay na gawain ng mga doktor, mga nars, mga paramediko at iba pang mga front-line na kawani. Kailangan natin ng mas agarang aksyon upang mapabuti ang pag-akses. Gusto ng mga Albertan ang pananagutan sa loob ng AHS at gusto nilang malaman na ang isang pinakamahusay sa mundo na sistema ng kalusugan at antas ng pangangalaga ay magagamit kapag kailangan nila ito."

Danielle Smith, Premier

Bilang unang hakbang sa plano ng reporma sa AHS, si Dr. John Cowell ay hinirang na full-time na opisyal na tagapangasiwa at papalitan ang kasalukuyang part-time

na lupon ng mga direktor ng Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta [Alberta Health Services (AHS)]. Direktang mag-uulat si Dr. Cowell sa Premier at ministro ng kalusugan.

Direktang makikipagtulungan si Dr. Cowell kay Mauro Chies, ang pansamantalang CEO ng AHS, upang tugunan ang apat na layunin:

Pahusayin ang mga oras ng pagtugon sa EMS

Ang mga Albertan na nakakaranas ng emerhensiya sa pangangalagang pangkalusugan ay kasalukuyang naghihintay ng napakatagal para sa mga sinanay at propesyonal na mga paramediko at EMT ng Alberta na dumating upang dalhin sila sa ospital. Ang mga alalahanin ng mga Albertan ay hindi tungkol sa kalidad ng pangangalaga na kanilang natatanggap, ngunit ang haba ng oras na kinakailangan upang matanggap ang pangangalagang iyon. Upang matiyak na ang mga Albertan ay may mas mahusay na akses sa mobile na pang-emerhensiyang pangangalagang medikal, si Dr. Cowell ay magsisikap na magawa ang apat na pangunahing bagay:

- Mabilis na paraan ng mga paglilipat ng ambulansya sa mga kuwartong pang-emerhensiya upang ang mga paramediko ay matatawagan para sa higit pang mga tawag.
- Gumamit ng mas angkop na mga paraan ng transportasyon para sa hindi pang-emerhensiyang paglilipat sa pagitan ng pasilidad.
- Bigyan ng kapangyarihan ang pagpapadala ng EMS sa mga ibinibigay na tawag mula 911 sa Health Link batay sa pangangailangan ng pasyente.
- Bigyan ng kapangyarihan ang mga paramediko na iprayoridad kung ang isang pasyente ay o hindi kailangang ilipat sa isang ER sa pamamagitan ng ambulansya.

Upang masubaybayan ang pag-unlad na ginawa sa mga oras ng pagtugon ng EMS at sukatin ang tagumpay ng mga inisyatiba, titingnan ng Alberta Health ang apat na mga sukatan:

- oras mula sa isang tawag sa 911 hanggang sa pagdating ng ambulansya
- mga oras nang paglipat ng pasyente sa isang ER
- bilang ng mga hindi gaanong kagyat na tawag na pinangangasiwaan ng isang ambulansya
- bilang ng mga tawag na 'ibinigay [step-down]' mula sa 911 sa Health Link

Bawasan ang mga oras ng paghihintay sa ER

Ang mga Albertan na nangangailangan ng pangangalagang medikal ay nahaharap sa hindi katanggap-tanggap na mahabang oras ng paghihintay sa mga lokal na kuwartong pang-emerhensiya. Salamat sa kadalubhasaan at pakikiramay ng mga doktor, mga nars at iba pang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, ang mga Albertan ay tumatanggap ng mahusay na pangangalaga, ngunit napakatagal bago makuha ito. Inatasan ng pamahalaan ng Alberta si Dr. Cowell ng pagpapabuti nang pagkuha sa medikal na paggamot sa pamamagitan ng dalawang pangunahing paraan:

- Pagdadala ng karagdagang mga propesyonal sa kalusugan upang mapabuti ang nasa-lugar na pangangalaga at pamamahala ng pasyente.
- Paglilipat ng nadagdagang bilang ng mga pasyente mula sa mga kama sa ospital sa mas naaangkop na mga kapaligaran ng pangangalaga tulad ng pangangalaga sa bahay, pangmatagalan at patuloy na mga pasilidad ng pangangalaga.

Upang masukat ang tagumpay ng mga hakbangin na ito, susubaybayan ng pamahalaan ang oras na aabutin mula sa sandaling pumasok ang isang pasyente sa isang ER hanggang sa matanggap nila ang naaangkop na antas ng pangangalaga na kailangan nila.

Bawasan ang mga oras ng paghihintay para sa mga operasyon

Humigit-kumulang 68,400 na mga Albertan ang kasalukuyang naghihintay ng operasyon upang makatulong na mapabuti ang kanilang kalusugan at kalidad ng kanilang buhay. Ang bilang na iyon ay bumaba mula sa 81,000 mga Albertan na naghihintay sa kasagsagan ng pandemya ngunit mas mataas pa rin kaysa sa antas na 68,000 bago ng pandemya. Upang matiyak na natatanggap ng bawat isa ang medikal na paggamot na kailangan nila sa mas napapanahong paraan, si Dr. Cowell ay pinamahalaang makipagtulungan sa AHS upang makabuluhang pataasin ang mga operasyon sa mga hindi gaanong ginagamit na ospital, pangunahin sa mga kanayunang lugar, at sa mga upahang kirurhikong pasilidad.

Upang sukatin ang tagumpay ng inisyatibang ito, isasaalang-alang ng Alberta Health ang mga sumusunod na sukatan:

- antas ng paggamit ng mga kuwartong pang-operasyon sa mga ospital ng AHS
- bahagi ng mga operasyon na nagaganap sa loob ng mga klinikal na katanggap-tanggap na oras ng paghihintay
- mga oras ng paghihintay sa operasyon

Bumuo ng mga pangmatagalang reporma sa pamamagitan ng mga konsultasyon sa mga front-line na manggagawa

Ang pag-aayos sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Alberta ay nangangailangan ng parehong agarang aksyon at pangmatagalang trabaho. Bagama't mas mabilis na makikita ang ilang mga resulta, para sa pangmatagalang pagpapanatili ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Alberta, kinakailangan ang higit pang mga pangunahing pagbabago. Si Dr. Cowell ay pinamahala sa pagtitiyak na sa mga darating na taon at mga henerasyon, ang mga Albertan ay makakaasa sa kanilang pinondohang pampublikong sistemang pangangalagang pangkalusugan na naroroon kung kailan at saan nila ito kailangan. Para magawa iyon, gagawin ni Dr. Cowell ang mga sumusunod na hakbangin:

- Ibalik ang paggawa ng desisyon sa lokal na antas at mga lokal na propesyonal sa kalusugan.
- Magbigay ng insentibo sa pagbabago sa rehiyon upang magbigay ng mas maraming serbisyong medikal.
- Manghikayat ng higit pang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa Alberta.

Ang mga pangmatagalang reporma ay mangangahulugan na ang mga resulta ay hindi kaagad makukuha. Gayunpaman, ang pag-unlad at tagumpay sa pagbuo ng mga pangmatagalang reporma ay susubaybayan ng mga oras ng paghihintay sa serbisyong pangkalusugan at mga panumbasan ng propesyonal sa kalusugan sa populasyon.

Bilang opisyal na tagapangasiwa ng AHS, magagawa ni Dr. Cowell na gawin ang kinakailangang pagbabago nang mas mabilis kaysa sa kasalukuyang modelo ng pamamahala ng AHS habang pinapanatili ang kalusugan ng mga Albertan bilang pangunahing priyoridad. Mag-uulat si Dr. Cowell sa mga Albertan sa loob ng 90 araw tungkol sa pag-unlad na ginawa sa pamamagitan ng plano ng reporma ng AHS.

Multimedia

- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)